Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob
EDITORYAL 4
CNPGCEAP X-Mas Party 5

Ipinakikita at ipinadarama ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang lantay na pagmamalasakit at pagmamahal sa kanyang mga kababayan sa pamamagitan ng gawa at hindi sa salita lamang na gaya ng kanyang binitiwang pangako noong mag-alok siya ng paglilingkuran sa bayan. Ito ay sa pamamagitan ng Aprub Ka Egay *Provincial Multi-Services Caran* kung saan tuwing Biyernes ay direktang dinadala ng gobernador sa mga taga-barangay ang mga serbisyo at programa ng pamahalaang panlalawigan.

Mas pinalawak ito ni Gob. Tallado sapagkat simula ngayong taon, tuwing Biyernes ay dalawang (2) *caravan* na ang magkasabay na idaraos sa

*(Sundan sa pahina 4)*

# Multi-services caravan ni Gob. Tallado humataw agad sa pagpasok ng Enero 2012

# DILG SEC. JESSE ROBREDO BUMISITA RITO mga opisyal ng Liberal Party rito nanumpa











***Si DILG Sec. Jesse Robredo at Liberal Party (LP) Executive Vice President ay malugod na sinalubong ni Gob. Egay Tallado sa pagdating nito sa Camarines Norte kung saan pinamunuan ng kalihim ang pagpasumpa sa mga bagong kasapi ng LP unang-una na si Bise-Gob. Jonah G. Pimentel kasama sina Bokal Gerry Quiñones at Bokal Pol Gache, Mercedes Mayor Alex Pajarillo-Lo at Gng Josie B. Tallado- maybahay ng gobernador. Dumalo rin sa okasyon at nanumpa ng katapatan sa partido ang mga barangay officials mula sa labindalawang bayan ng lalawigan na sumapi na sa LP na pinamumunuan ni Pangulong Benigno Simeon 'P-Noy' C. Auino III. Dahil dito, inaasahang mas lalakas pa ang puwersa ng LP dito sa Camarines Norte at sabay-sabay nilang tatahakin ang tuwid na landas sa pamumuno ni Pangulong Aquino.***

# Agrarian Reform Community Project 2 update

Mapalad na naging benepisyaryo ng *Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP 2)* ang limang (5) bayan dito ng lalawigan ng Camarines Norte na kinabibilangan ng Jose Panganiban, Labo, Paracale, Basud at San Lorenzo Ruiz.

Kaugnay nito, sa pamumuno ni Gobernador Edgardo 'Egay' Tallado ay nakipag-ugnayan ang Pamahalaang Panlalawigan sa *Department of Agrarian Reform (DAR)* para sa kaukulang mga dokumentong kailangang ihanda para sa isasagawang mga proyekto sa naturang 5 bayan. Ang Pamahalaang Panlalawigan ang sumagot ng *equity* para sa kanila maliban sa bayan ng Jose Panganiban na siyang magsasagawa ng mga proyekto.

Sa patakaran *(guidelines)* ng *ARCP* 2, ang *cost sharing* o hatian sa gastusin ng proyekto ay 30% *grant* at 70% *equity* para sa *1st - 2nd class municipalities*; *3rd - 4th class municipalities* - 40% *grant* at 60% *equity*, at para naman *5th - 6th class municipalities* – 50% *grant* at 50% *equity*.

Sa ilalim ng *ARCP* 2, ang *Project Engineering Design, Program of Works* at iba pang suportang dokumento ay rerebisahin at aaprubahan ng *National Subproject Approval Committee (NSAC)* at *Regional Subproject Approval Committee (RSAC)* na siya ring magtataya ng pinal na halaga ng *equity* para sa bawat proyekto.

Ang *ARCP2* ay isang *foreign-assisted project* ng *Department of Agrarian Reform (DAR)* katuwang ang *Asian Development Bank (ADB)* na pinasimulan noong 2009 at magtatapos sa 2015. Isinasagawa ito sa 18 mga lalawigan sa bansa kabilang na ang Camarines Norte.

Layunin nito na mabawasan ang dinaranas na kahirapan ng mga *Agrarian Reform Communities (ARCs)* sa 18 lalawigan sa bansa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't-ibang proyekto na makatutulong upang maiangat ang antas ng kanilang mga kabuhayan.

Ang Camarines Norte ay mayroong apat (4) na *ARCs* at ito ay ang **Magsaysay, Capalonga**; **Daguit, Labo**; **Batobalani, Paracale,** at **Aguit-it, Vinzons**. Ang isang *ARC Cluster* dito ay ang **Basud-San Lorenzo Ruiz Cluster** na binubuo ng sumusunod na mga barangay: Bactas, Caayunan, Laniton, Mampili, Matnog, Plaridel, San Felipe at San Pascual, Basud, samantalang ang mga barangay ng Langga, Matacong, San isidro at San Ramon naman ay sa bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Sa 45 panukalang mga proyekto *(proposed projects)* na naisumite ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte para sa nabanggit na mga bayan, 26 na ang naaprubahan kung saan ang 12 ay inaprubahan ng *NSAC* at 14 naman ang naaprubahan ng *RSAC*. Ito ay ang mga sumusunod: LABO - 1) *Concreting* ng Macogon *Barangay Road*; 2) *Concreting* ng Malangcao Basud (Purok 6-7) *Farm to Market Road (FMR)*; 3-4) *Concreting* ng Purok 1 at Purok 7 *FMR*, Talobatib; 5) *Construction* ng DARBO *Multi-Purpose Building*, Daguit; 6) *Improvement* ng Daguit *Day Care Center*; 7) *Construction* ng Malangcao Basud *Health Station*; 8) *Construction* ng *Solar Dryer*, Daguit; 9) *Construction* ng *Solar Dryer*, Malangcao-Basud, at 10) *Rehabilitation* ng Macogon *Level II PWS*, Macogon, Labo; PARACALE – 11) *Concreting* ng Naboongan-Igang *Road*; 12) *Concreting* ng Batobalani -Igang *FMR*; 13) Construction ng Dagang *Day Care Center*; 14) *Construction* ng *Multi-Purpose Building*, Batobalani; 15) *Improvement / Expansion* ng *Level II PWS*, Brgy. Tawig, at 16) *Construction* ng Balumbon *Spring Level WS*, Dagang, Paracale; BASUD - 17) *Rehabilitation* ng Matanlang-Casalugan *FMR*; 18) *Concreting* ng Capacuan

(Sundan sa pahina 7)

# 43 kababaihan at kabataang inabuso natulungan ng PSWDO sa taong 2011

Batay sa rekord ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, umabot sa 43 kababaihan at kabataan ang naging biktima ng pang-aabuso at/o karahasan noong taong 2011. Tinulungan at kinupkop nila ang mga biktima sa pamamagitan ng *Center for Abused Women and Children,* ayon kay Ms. Cynthia C. dela Cruz, *PSWDO officer-in-charge.*

Sinabi ni *OIC* de la Cruz ng *PSWDO* na bagama't bahagyang tumaas ang bilang ng mga biktima ng pang aabuso, may mga programa naman umano silang ipinatupad upang matulungan ang mga biktima na makarekober mula sa kanilang mapait na karanasan. Ilan sa mga programang ibinigay nila sa mga biktima ay ang *psychological interventions.* Gumawa rin sila ng mga lehitimong pamamaraan upang maisaayos agad ang pagsasampa ng kaso sa mga akusado tulad ng masusing pakikipag-usap (interbyu) sa mga biktima at pagtaya sa kanilang mga kaso.

Maliban dito, nagbigay rin sila ng *referrals* para sa *dental*, *medical*, at *psychological examinations* at gayundin ang kaukulang *therapy* para sa ilang-biktimang nangangailangan nito. Nagkaloob din sila ng gamot sa mga biktima maliban pa sa pagkupkop sa kanila sa *Halfway Home* sa Brgy. Bagasbas, Daet na pinatatakbo ng pamahalaang panlalawigan.

Sa pakikipagtulungan ng *Department of Education (DepEd)*, nakapag-aral ang mga biktima sa ilalim ng *Alternative Learning System (ALS)*, at *Basic Education*. Nagsagawa rin sila ng *counseling*, *casework*, *group work*, *practical skills enhancement*, at tulong-pinansyal. Isinailalim din nila sa serye ng *therapy* ang mga batang biktima sa pamamagitan ng paglilibang sa kanila.

Samantala, kapag tapos na ang kaso, nagbibigay naman sila ng *referral* sa kaukulang pamahalaang lokal para sa suporta gayundin ang pagbibigay ng *referral* sa mga kinauukulan para sa patuloy na pamamahala ng mga kasong hindi pa nareresolba.

Matatandaan din na alinsunod sa Seksyon 20 ng *Republic Act 9208—Anti-Trafficking in Persons Act of 2003* at Seskyon 39 ng *RA 9262 - Anti-Violence against Women and their Children Act*, ipinalabas ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang isang atas tagapagpaganap para sa pagbuo ng *Provincial Inter-Agency Council Against Trafficking–Violence Against Women and Their Children (PIACAT-VAWC)*. Ang *PIACAT-VAWC* ang siyang mangunguna sa pagpapatupad ng mga kaukulang gawain, programa, at serbisyo para ang mga kabataan at kababaihan dito ay maiiwas at maprotektahan na maging biktima ng pang-aabuso at/o karahasan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# P15.3 milyon o 161.32% pagtaas sa koleksyon ng buwis sa pagmimina naitala sa taong 2011

Patuloy na umaani ng bunga para sa kabang yaman ng Pamahalaang Panlalawigan ang pagsisikap ni Gobernador Edgardo A. Tallado na mapasigla ang industriya ng pagmimina rito sa Lalawigan ng Camarines Norte. Ito ay sa hangaring makapagbigay ng maraming hanapbuhay sa mga mamamayan at makatulong sa pag-unlad ng lalawigan.

Ayon sa isang sertipikasyong ipinalabas ng *Office of the Provincial Accountant* noong Pebrero 28, 2012, ang Pamahalaang Panlalawigan ay nakalikom ng halagang P 15,387.487.28 noong nakaraang taong 2011 mula sa mga buwis sa pagmimina. Ito ay mataas ng 161.32% kung ikukumpara sa kinitang buwis ng nasabing pamahalaang lokal mula sa nabanggit na industriya noong taong 2010 na umabot lamang sa kabuuang halaga na Ph5,888,3 72.90.

Ang nakolektang buwis mula sa industriya ng pagmimina para sa taong 20ll ay mula sa mga sumusunod: *Sand and Gravel Tax* - Ph9,392,436.98; *Sand and Gravel Fee* - Ph1,181,278.00; *Quarry Resource Tax* - Ph1,371,350.00; *Ore Transport Fee* - Ph2,492,448.00; at *Small-Scale Mining Fee* - P949,974.30 o may kabuuang Ph15,387.487.28.

Ang pagtaas ng koleksyon mula sa nabanggit na mga buwis, lalo na sa bato at buhangin, ay bunga nang kusa at matapat na pagbabayad ng buwis ng mga *contractors* ng mga pagawaing pampubliko sa lalawigan. Resulta rin ito nang walang humpay na pagmamatyag at matiyagang pagbabantay sa operasyon ng mga *permittees* sa pangunguha ng bato at buhangin gayundin sa operasyon sa pagmimina ng mga *Small-Scale Gold Processing Plants (SSGPP)* sa mga bayan ng Paracale at Jose Pa-nganiban. Ito ay sa pa-ngunguna ng mga tauhan ng *Office of the Governor (GO)* na nasa ilalim ng superbisyon ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)* na pinamumunuan ni *Engr.* Leopoldo P. Badiola, *supervising environmental ma-nagement specialist* ng pamahalaang panlalawigan.

Inaasahan naman na mas lolobo pa ang buwis na makokolekta ng Pamahalaang Panlalawigan ngayong taong 2011 at sa susunod pang mga taon bunsod ng lumalaking pangangailangan sa mga bato at buhangin para sa dumaraming pagawaing pampubliko at pampribado, at sa patuloy na pagsigla ng industriya ng pagmimina sa lalawigan. ***(GC BINAY)***

# Cyanide at dynamite fishing mapanganib; parusa sa mahuhuling gumagawa nito, inilahad

Dahil sa ilang insidente ng *fishkills* sa iba't-ibang panig ng bansa, mas paiigtingin ng pamahalaang panlalawigan ang kampanya nito kontra iligal na paraan ng pangingisda partikular na ang *cyanide* at *dynamite fishing*. Isasagawa ito ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pamamagitan ng *Fisheries Development Division (FDD)* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pinamumunuan ni *Supervising Aquaculturist* Edgar S. Estanislao.

Ayon kay Estanislao, ang paggamit ng *cyanide* at dinamita ay lubhang mapanganib, hindi lamang sa mga isda at iba pang yamang-dagat kundi lalo't higit sa mga taong makakakain ng isdang nahuli sa mga iligal na paraang nabanggit. Mas pinipili umano ng maraming mangingisda ang iligal na paraan sapagkat mas mura na ang gastusin, mas marami pa silang nahuhuli kaya mas malaki ang kanilang kita. Ngunit binigyangdiin ni Estanislao na ang mga benepisyong pangekonomiko mula rito ay hindi sapat na kabayaran o kapalit ng tuluyang pagkasira ng karagatan at pagkawala ng mga likas-yaman nito.

Idinagdag ni Estanislao na ang *cyanide* ay isang libong beses ang panganib na dala sa mga isda kumpara sa mga tao. Kailangan ng mga isda at iba pang yamang-dagat ang *oxygen* para mabuhay ngunit dahil sa *cyanide* umuunti ang *oxygen* sa tubig na nagiging sanhi ng kanilang unti-unting paghina at mas malala, ang pagkamatay nila. Ang makukulay na mga korales ay pinapuputi ng *cyanide* na nagiging dahilan ng unti-unting pagrupok at pagkasira nito sa kalaunan. Dahil dito, nawawalan ng natural na tirahan ang mga isda at iba pang organismo sa karagatan na nakapagpapabagal sa kanilang pagpaparami. Kung patuloy itong mang-yayari, malaki ang posibilidad na ang mga isda at iba pang yamang-dagat ay unti-unting mamatay hanggang dumating sa puntong hindi na natin mapigil ang kanilang tuluyang pagkawala. Kapag nangyari ito, mawawalan tayo ng pagkain at mapagkukunan ng kabuhayan.

Dahil dito, patuloy na kumikilos ang *OPAg-FDD* para hikayatin ang mga mangingisda na bumalik sa tipikal at ligal na paraan ng pangi-ngisda na maka-kalikasan at naghahatid ng matagalan at tuluy-tuloy na benepisyo hindi lamang sa ating mga tao kundi sa mga isda at lahat ng yamangdagat. Ika nga ni Estanislao, kapag minahal at pina-ngalagaan natin ang karagatan, patuloy itong magbibigay sa atin ng masaganang huli at kabuhayan.

Idinagdag naman ni *Senior Agriculturist* Danilo Guevarra na ang mga katubigang kontaminado ng *cyanide* ay naghahatid ng *crippling injuries* na lubhang mapanganib lalo na sa mga maninisid *(divers)* sapagkat mababaldado sila at mahihirapang gumalaw na maaari nilang ikalunod o ikamatay kaya.

Kaugnay nito, patuloy nilang ipinaaabot sa publiko ang mga masamang epekto ng *cyanide* at *dynamite fishing* sa isda, karagatan at lalo na sa ating mga tao.

Ang mga isdang tinamaan ng *cyanide* ay lumalangoy ng walang direksyon kaya mas madali silang mahuli. Ang pisikal na pagsusuri sa mga isda ay hindi sapat para malaman kung sila ay hinuli gamit ang *cyanide* kaya kailangang magdala muna ng sampol para ipasuri sa laboratoryo. Dahil dito, sinabi nila Estaislao at Guevarra na dapat umiwas ang puuliko sa pagbili ng mga isdang may mapupulang mga mata, malambot ang laman, bumubuhos ang dugo sa may parteng hasang, at ang kulay ay maputla at hindi makintab.

Lubha itong nakaaalarma sapagkat ang isdang nalason ng *cyanide* ay mapanganib na makain nating mga tao. Ang isdang nalason ng *cyanide* ay mapait ang lasa; tila nakapapaso at makakaramdam ng pamamanhid ng lalamunan na susundan ng paglalaway kabilang ang mga sumusunod na sintomas: sakit ng ulo, pagkahilo at pagsusuka, mahina at mabilis na pulso, malalim at mabilis na paghinga, kombulsyon, pagpapawis ng katawan, mas mabilis na pulso kasunod ang mas mabagal, mas malalim na paghinga. Sa huli, ang tibok ng puso ay bumabagal at nagiging iregular, bumabagsak ang temperatura ng katawan; ang labi, pisngi at katawan *(extremities)* ay nagiging kulay-asul, nagdudulot ng *coma*, at sa kalaunan ay pagkamatay na sanhi ng *respiratory arrest*.

*(Sundan sa pahina 7)*

# Ely Ramos ng Paracale huwarang tagapangalaga ng karagatan at yamang-dagat

Si G. Ely Lorenzo Ramos na mula sa Poblacion Norte, Paracale, Camarines Norte ay namulat sa isang lugar na hindi lamang minahan ng ginto kundi pampangisdaan din kaya kaliwa't-kanan ang pagpagpapaputok sa lupa at sa dagat man.

Isang ordinaryong tanawin ito para sa kanya na noo'y isang bata pa lamang. Ngunit habang siya'y lumalaki at nagkakaisip, napagtanto niya na ang lugar na kanyang kinalakhan ay nahaharap sa mala-king suliranin - ang pagkasira ng kalikasan at ang mga likasyamang taglay nito.

Taong 1998, si G. Ramos ay nagsimulang maging aktibo sa kanilang komunidad nang buuin niya ang samahang *Fisheries and Aquatic Resources Management Council (FARMC)* sa Paracale. Layunin ng samahan na palakasin ang samahan ng mga mangingisda at pagibayuhin ang pagtutulungan para mapangalagaan ang mga yamang-dagat sa kanilang bayan.

Simula noon, si G. Ramos na ang siyang tumayong tagapamuno ng *Barangay FARMC* ng Brgy. Poblacion, Paracale at hanggang sa kasalukuyan. Siya rin ang tagapamuno ng *Integrated Fisheries and Aquatic Resource Management Council (IFARMC) Lamon Bay-Bicol Side* na binuo ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist-Fisheries Development Division (OPAg-FDD)* at sa pakikipagtulungan din ng *Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI)*.

Si G. Ramos ay hindi lamang isang magaling na tagapamuno kung hindi matapat na taga-sunod din. Itinalaga siyang Ingat-Yaman ng Samahan ng Mangingisda ng Paracale na siyang naging benepisaryo ng *Community-Based Coastal Resource Management Project (CBCRMP)*. Natapos na ang nasabing proyekto subalit patuloy pa rin ang mga miyembro nito sa kanilang *balao making* at *rice retailing* na siyang naging alternatibo nilang pinagkukunan ng karagdagang hanapbuhay. Siya rin ay aktibong tagapamuno ng *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC) Sectoral Committee on Fisheries and Aquatic Resources*, at ngayon ay miyembro na rin siya ng *Regional AFC*.

Sa kanyang pagsusumikap na marinig ang boses ng maliliit na mga mangingisda, kumandidato si G. Ramos at pinalad na nahalal bilang *Regional Fisherfolk Representative* ng *Bicol Region* noong Nobyembre 2011, at bilang *National FARMC Representative* ng *Fisherfolk Sector* sa Luzon noon namang Disyembre 2011.

Tulad ni G. Ramos, hindi imposibleng makatulong ang bawat mamamayan sa pangangalaga sa ating karagatan, nakatira man sa *coastal area* o hindi. Sa ating munting kakayahan, magmalasakit, makibahagi, at kumilos tayo para pangalagaan ang ating mga yamangtubig para sa kapakanan ng susunod pang mga henerasyon. ***ML JEREZ***

## Mahalagang paalaala ukol sa isda:

<u>SA PAGBILI</u> – Bibihirang isda na hindi binabad sa yelo ang mabibili sa palengke. Ang katigasan ng laman ng isda ay hindi makapagpapatunay nang kasariwaan nito. Maaring tumigas na lamang iyon dahil sa pagkakababad sa yelo. May mga isda na bagong kahuhuli pa lamang nang lagyan ng yelo at mayroon namang bilasa na kapag nilagyan ng yelo. Ang hasang at mga mata ng isda ang wastong pagkakakilanlan ng pagkakaiba. Mapula ang mga mata at maputla o di kaya'y maitim ang hasang nang di sariwang isda.

<u>SA PAG-IIMBAK</u> – ang isda ay dapat itago sa pinakamalamig na panig ng reprihadora *(freezer)* nang may takip upang huwag mahawa ng lansa ang ibang pagkaing nakatago rin doon.


**<u>PAGLILINIS NG ISDA:</u>**

***<u>PAG-AALIS NG KALISKIS</u>*** – Kaliskisan ang isda habang nakalubog sa tubig upang maiwasan ang tilamsik sa balat at damit ng gumagawa. Ingatan ang pag-aalis ng bituka ng isda upang huwag pumutok ang apdo na makapagpapapait sa laman ng isda.

**<u>PAG-AALIS NG LANSA SA ISDA:</u>**

*<u>SAPSAP</u>* – Ilagay sa palanggana, lagyan ng asin, at haluin ng sandok. Sumasama sa tubig ang lansa ng isda sa ganitong paaran.

**<u>HITO AT DALAG</u>** – Matapos makaliskisan at maalis ang bituka ng dalag, buhusan ito ng kaunting maligamgam na sukang may asin, at pagkatapos ay maligamgam na tubig naman ang ibuhos. Ganito rin ang gawin sa hito matapos maalis ang bituka. ***(Halaw sa Lutuing Pilipino) - MELINDA L. JEREZ, (Tagapag-Ulat)***




# EDITORYAL

## Bagong Taon, Bagong Pag-Asa

Sa pagtalikod ng taong 2011, sinalubong naman natin ang taong 2012 na puno ng pag-asa para sa mas maunlad na ekonomiya at isang mas matatag na bansa ngayong taon.

Karamihan din marahil sa atin ay gumawa ng *New Year's Resolutions* o listahan ng mga planong gawin / baguhin ngayong taong 2012 para makamit ang ating personal na mithiin o ambisyon. Kasama rito ang matiim na pangako na pagwaksi sa mga maling gawi natin noong taong 2011 na nakasagabal sa ating personal na pag-unlad o 'di kaya ay nakaapekto ng masama sa ating kapwa at/o pamayanan.

Ang tradisyon sa paggawa ng *New Year's Resolutions* ay nagsimula 153 taon pa bago dumating si Kristo (*153 Before Christ*). Sa nasabing panahon, ang unang buwan ng taon ay ipinangalan ng *Roman Senate* kay Janus, isang diyos na may dalawang mukha *(two-faced god)* - ang isa ay nakaharap at ang isa ay nakatalikod. Dahil dito, nagagawa ni Janus na magkasabay na balikan ang nagdaang taon at tingnan ang hinaharap.

Ipinahihiwatig nito na ang pagtalikod ng taong 2011 ay hindi nangangahulugan ng lubusang pagtalikod natin sa mga kaganapan sa nagdaang taon. Ang mga aral at leksyon na napulot natin mula sa mga pagsubok na kinaharap natin noong 2011 ay dapat na gawin nating gabay sa pagharap sa taong 2012.

At sang-ayon dito si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado kaya sa pagpasok ng Enero 2012, ang 'Aprub ka Egay, Serbisyo Publikong Tunay *Multi-Services Caravan*' na isinasagawa tuwing Biyernes sa isang (1) lugar lamang ay gagawin na sa dalawang (2) magkahiwalay na lugar simula ngayong taon. Ginawa ito ng gobernador sa kabila ng pagbatikos ng iba't-ibang grupo maipadama lang ang kanyang tapat at walang kapagurang paglilingkod sa bayan. Maliban dito, maraming naglalakihang mga proyektong pang-imprastraktura ang nakatakdang isagawa ngayong 2012. Ito ay maliban pa sa mga regular na programang pang-agrikultura, pangkalusugan, pang-edukasyon, pangkabuhayan at trabaho, pangkapaligiran, serbisyong panlipunan *(social services)*, at iba pa.. Ika nga, AKSYON ang mabisang tugon sa bawat negatibong REAKSYON!

Dahil dito, harapin natin ang taong 2012 nang may pag-asa at positibong pananaw kaakibat ang determinasyon na abutin ang ating mga pangarap hindi lamang para sa ating sarili kundi para sa ating lalawigan at bansa.

# Multi-Services Caravan ...

*(Mula sa pahina 1)*

magkahiwalay na lugar. Ito ay unang isinagawa ngayong Enero 20 sa bayan ng Talisay at sa bayan ng Jose Panganiban na kung matatandaan ay siya ring pinagdausan ng kauna-unahang *caravan* noong taong 2011.

Sa *caravan* sa Talisay na idinaos sa Brgy. San Jose, ang iba pang naging benepisyaryo ay ang mga residente mula sa mga barangay ng del Carmen, Sta. Cruz, San Jose, San Martin at San Pedro. Isinagawa naman ang *caravan* sa Brgy. Sta. Cruz, Jose Panganiban kung saan kasama ring napaglingkuran ang mga taga-barangay San Jose, San Martin at San Pedro.

Nakasama muli ni Gob. Tallado sa *caravan* sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at *Atty*. Sim O. Mata, Jr., *Provincial Legal Officer* at *Provincial Caravan Project Director*. Nakiisa rin sa paghahatid ng mga kaukulang serbisyo publiko ang ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan gayundin ang mga hepe at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang lalawigan.

Hindi inalintana ni Gob. Tallado ang napakalayong distansya ng 2 *caravan* na pareho niyang pinuntahan para lamang personal na makadaupang-palad ang mga taga-barangay, mabatid ang kanilang problemang kinakaharap at mapagsilbihan sila. Ginawa ito ng gobernador para maiparamdam sa publiko ang kanyang pagmamalasakit at sinseridad na maglingkod.

Ayon pa kay Gob. Tallado, anumang pagod at hirap niya ay agad na napapawi sa malugod na pagtanggap, matatamis na mga ngiti at masasayang mukha ng mga taga-barangay na nabibenepisyuhan ng *caravan*. Kaya naman sa kabila ng ilang mapanirang pagpuna mula sa ilang grupo, walang humpay na ipinatutupad ni Gob. Tallado ang *caravan* sa ha-ngaring makapaghatid ng tunay na serbisyo publiko sa kanyang minamahal na mga kababayan.

Katulad nang inaasahan, pinilahan nang husto ng mga taga-barangay ang serbisyong pang-medikal at dental na walang kapagurang ipinagkakaloob ng mga doktor, narses, dentista at mga *volunteers* mula sa *Provincial Health Office (PHO)*. Siyempre pa, dinumog din sa *caravan* ang masarap, masustansya at mainit na Lugaw

*(Sundan sa pahina 6)*









*Ang goat dispersal sa mga magsasaka ng Brgy. San Jose , Talisay na ipinamahagi mismo ni Gob. Egay Tallado, samantalang pinangunahan naman ng maybahay ng gobernador na si Mamdam Josie B. Tallado ang libreng pagtitina ng buhok ng mga taga Brgy. Sta. Cruz, J. Pang. Samantalang namahagi naman ng board games at ilang sports equipment si madam Josie sa mga kabtaan ng Calaburnay, Paracale. Pumorma naman at naki join ang ilang mga kabataang ng Brgy Sta Rosa, J. Pang. Na nabigyan ng mga pantanim na punong kahoy kasma si Gob. Tallado. Ang mga ito kaugnay pa rin ng patuloy na pagseserbisyo ng MS Srevices Caravan.*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# PDRRMO nag-ulat ...

(Mula sa pahina 8)

*vironment of* ***A****wareness and* ***T****rust through* ***D****isaster* ***R****isk Reduction* ***I****nitiatives,* ***S****afety and* ***K****nowledge Management Program).* Layunin nitona na mapatatag ang kakayahan ng iba't-ibang sektor ng pamayanan at maisulong ang kulturang pangkaligtasan para sa lahat ng mamamayan.

Kabilang sa mga pangunahing kalipunan ng mga gawain sa ilalim ng *'BEAT D RISK Program'* ay mabigyang-kasanayan ang mga sumusunod na pangkat ng pamayanan:

*Level I* - Pagpapalakas ng *Municipal Disaster Risk Reduction and Management Councils (MDRRMCs)*

*Level II* - Pagpapalakas ng *Barangay Development Councils/ Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committees (BDCs/ BDRRMCs)*

*Level III* - Pagpapakilos, pagsasanay at akreditasyon ng *community response teams, volunteers,* at iba pang *disaster-related volunteer groups* pati na ang *out-of-school youth* at Sangguniang Kabataan (SK)

*Level IV* - Pangkalahatang pagsasanay sa paghahanda at pagtugon sa kalamidad para sa lahat ng pampublikong kawani ng pamahalaan susog sa *R.A. 10121*

*Level V* - Pagpapalakas ng Kapabilidad *(Capability Building)* ng mga guro at mag-aaral sa lahat ng antas

*Level VI* - Pagpapalakas ng kapabilidad ng bawat pamilya

Pangunahing pangarap ng bawat pamahalaang lokal na magkaroon ng *'zero casualty'* sa lahat ng kalamidad, subalit mangyayari lamang ito kung bawat kasapi ng pamilya ay may kaalaman at kasanayan sa pag-iingat sa panahon ng panganib. Kailangan dito ang sabay-sabay na pagkilos ng lahat ng kinauukulan para matiyak na may kakayahan ang bawat pamilya sa pagharap sa anumang emerhensya.

Pangalawa rito ang tuluy-tuloy na mga gawaing pang-adbokasiya at malawakang kampanya para sa paghahanda at pagtugon sa mga panganib. Kasama rito ang paglilimbag ng mga babasahin, komiks, balita, at mga patalastas. Isang pangkat ng *PDRRMO* ang nakatutok sa a*dvocacy and information activities* na siyang gumagawa ng *powerpoint presentations, video clips, radio ads, leaflets, news reports,* at iba pang materyales para sa iba't-ibang *media outlets.*

Naipatupad na ni Gob. Tallado ang konstruksyon ng sariling *Provincial Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation (DRM/ CCA) Training Center* ng lalawigan na nasa Sitio Mat-i, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte, kauna-unahan sa Bicolandia at sa buong Pilipinas. Ito ay may iba't-ibang pasilidad sa pagsasanay katulad ng *wall climbing and rappelling towers, burn building, water safety ponds/ swimming pools, communication tower, rescue equipments, 3D Hazard Map* ng Camarines Norte, *model evacuation center, zip line, library and information resources, audio-visual production facilities,* at ang opisina ng *PDRRMO.*

Ang pang-apat ay ang pagtatalaga ng iba't-ibang *early warning facilities* sa lahat ng barangay at bayan ng Camarines Norte sa pakikipag-ugnayan sa mga ahensya ng pamahalaan. Bukambibig ni Gob. Tallado na ang tunay at epektibong programa laban sa kalamidad ay ang *prevention* at *mitigation*, idagdag pa ang *climate change adaptation.*

Sa ilalim ng *Community-Based Disaster Risk Reduction Approach (CBDRR)*, tutulong ang mga mamamayan sa isang komunidad para tuklasin ang *early warning system* na angkop sa kanilang lugar. Mula sa kanilang mga karanasan, magbibigay sila ng mga impormasyon para makabuo ng epektibong paraan sa pagharap sa mga kalamidad gayundin ang paggamit ng mga katutubong materyales at kaalaman sa pagbuo ng iba't-ibang istratehiya para sa ikagagaling ng lahat.

Panlima rito ay ang pagpapalakas at pagpapatatag sa uri at mga kagamitang pangkomunikasyon ng Kapitolyo sapagkat hindi epektibo ang *cellphones* at telepono lalo na kapag malakas at malawak ang pinsala ng kalamidad. Dahil ang *2-way radio facilities* ang naiiwang mabisang komunikasyon, ito ay palalakasin sa pamamagitan ng *2-way radio repeater system* para ang mahahalagang patalastas at mensahe ay maiparating ng pamahalaang panlalawigan sa lahat ng bayan at kinauukulang barangay sa ating probinsiya.

Ang pang-anim at pinakamahalaga sa lahat ng mga panukalang gawain ng *BEAT D RISK* ay ang *Hazard Profiling* at *Hazard Mapping* sa tulong ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* sa pamumuno ni *Arch.* Madonna A. Abular, *PPD Coordinator.* Sinisimulan na ng kanyang *information technology (IT) experts* ang pagsasa-mapa ng iba't-ibang panganib sa mga barangay at bayan ng lalawigan. Ito ay upang maisalarawan ang mga kahinaan *(vulnerabilities)* at kapasidad ng mga mamamayan sa iba't-ibang uri ng panganib. Makikita sa naturang mapa kung sinu-sino, saan, kailan, at gaano kalantad sa panganib ang mga residente sa isang pamayanan na siyang gagamiting batayan para makabuo ng komprehensibong planong pangkaligtasan sa lahat.

Ang ika-pito ay ang pagtatatag, pagsasanay, at pagmamantine ng 24/7 na *Provincial Emergency Action Teams* na magbabantay sa *Provincial Disaster Operations Center* na bukas 24 oras araw-araw upang tumugon sa mga aksidente at/o sakuna. Ito ay binubuo ng 3 pangkat ng mga *emergency responders first aiders* na pawang kawani at boluntaryo ng *PDRRMO.* Sila ay mga *multi-skilled personnel* at sanay sa mga gawain

(Sundan sa pahina 6)

# Kauna-unahang CNPGCEAP Christmas Party idinaos

Ang *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP) Christmas Party* ay idinaos noong Disyembre 2011 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* kung saan panauhing pandangal si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ito ang kauna-unahang *Christmas Party* na isinagawa para sa mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan mahigit dalawampung (20) taon na ang nakararaan simula nang ipatupad ang naturang programang pang-edukasyon - ang *CNPGCEAP* na dating kilala bilang *Provincial Government Scholarship Program (PGSP).*

Sa programang isinagawa bago ang pagsisimula ng kasayahan at salu-salo, nagbigay ng mensahe si Gob. Tallado. Ipinahayag ng butihing gobernador na isa sa mga prayoridad ng kanyang administrasyon ay ang *CNPGCEAP* na patuloy niyang isusulong para sa bawat pamilya rito sa Camarines

(Sundan sa pahina 7)




*Sina Executive Assistant IV Jose G. Boma at Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay nagbibigay ng mensahe sa idinaos na 1st CNPGCEAP Christmas Party.*

*Ang iba't-ibang eksena sa naturang okasyon.* ⇨



# PDRRMO nag-ulat ...

*(Mula sa pahina 5)*

katulad ng *ambulance operation, radio communication, mountain rescue, fire and water safety, first aid, basic life support*, at iba pa.

Samantala, sa loob naman ng halos 10 buwan, ang *PDRRMO* Camarines Norte ay nakatulong sa pagbibigay ng pagsasanay sa may 20,884 indibidwal na nahati sa mga sumusunod: 7,240 na mga kasapi ng *MDRRMCs* sa 11 bayan; 3,800 na *BDCs/BDRRMCs* sa 282 barangay ng lalawigan; 7,030 na mga miyembro ng *Barangay Emergency Response Teams/Barangay Emergency Action Teams (BERTs/BEATs)*; 73 *trainers*; 50 mga guro; 7,520 na mga mag-aaral sa lahat ng antas; at 1,777 na mga kasapi ng iba't-ibang organisasyon.

Ang *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Committee (PDRRMC)* Camarines Norte sa pamumuno ni Gob. Tallado ay nagkaroon ng regular na pagpupulong tuwing ikatlong buwan (*quarterly meeting)* kung saan binabalangkas ang mga programa nito sa paghahanda sa mga kalamidad. Sa tulong ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* nakapamahagi ito ng *relief goods* na nagkakahalaga ng P3,072,609.30.

Binigyang-pansin din ni Gob. Tallado ang pagsasaayos at pagtatayo ng *disaster mitigation projects*" tulad ng *evacuation centers* (sentrong likasan) at iba pang proyekto na umabot sa P78 milyon kasama na ang 3 *learning and evacuation centers* na nasa Brgy. Motherlode, Jose Panganiban; Brgy. Poblacion, Capalonga, at Brgy. Caringo, Mercedes. Nagkaloob din ang gobernador ng tulong pinansyal sa pagsasaayos ng mga nasirang sentrong likasan, paaralan, at barangay *halls*.

Pinalakas din ng *PDRRMO* ang pakikipag-ugnayan nito na sa mga ahensya na direktang tumutulong sa panahon ng mga kalamidad katulad ng *Department of the Interior and Local Government (DILG), Office of Civil Defense (OCD), Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), Philippine Red Cross (PRC), Philippine Army (PA), Philippine Coast Guard (PCG), Philippine Army Ready Reserve, Philippine Air Force (PAF), Bureau of Fire Protection (BFP), Philippine National Police (PNP), Department of Public Works and Highways (DPWH), National Food Authority (NFA), Department of Social Welfare and Development (DSWD)*, Kabalikat *Charity*, Kabalikat *Civicom*, Kabalikat Bicol, *Local Disaster Risk Reduction and Management Councils (LDRRMCs)* at *media outlets.* Ang *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs), Mines and Geosciences Bureau {MGB), Department of Education (DepEd), Cams. Norte State College (CNSC)*, mga pribadong paaralan, at iba pa ang katuwang nito sa mga pagsasanay at pananaliksik.

Pinaunlakan din ni Gov. Tallado ang kahilingan ng ibang lalawigan at bayan dito sa Bikol at maging sa labas ng rehiyon na maging tagapagturo nila si Dr. Galvez at mga kasamahan nito. Si Galvez ay isang *international lecturer* sa *disaster risk reduction* habang ang kanyang *training staff* ay aktibong *Disaster Management lnstructors (DMls)* na sinanay ng *PRC* at *OCD* para magturo. Sa imbitasyon ng Liga ng mga Barangay at *DILG*., nabigyan nila ng pagsasanay ang may 1,053 opisyales sa mga barangay ng Camarines Sur Ang 4 na pangkat ng mga miyembro ng *MDRRMCs* ng ng Lupi, Camarines Sur kasama ang opisyal ng 39 na barangay nila ay nagsanay naman sa *DRR/ CCA* Camarines Norte.

Ngayong taong 2012, lalong palalakasin ng pamahalaang panlalawigan ang *BEAT D RISK Program* upang magkaroon ng higit na kahandaan ang mga mamamayan sa mga nagbabantang kalamidad. Higit sa lahat, pagtutuunan nito ang pagsugpo sa mga ugat ng panganib katulad ng pangangalaga sa ating kagubatan, karagatan, kailugan, at himpapawid man. lsang halimbawa nito ay ang pagbabalik sa mga nasirang *riparian buffer zones* sa gilid ng mga kailugan. Kasama rito ang pag-aalis *(dredging)* ng mga balunabon at putik na nagiging sanhi ng pagbabaw ng tubig sa mga ilog na nagdudulot ng *flashfloods* na sumisira rin sa mga yamang-tubig Kung may gubat sa gilid ng mga ilog, may pipigil sa mga umaanod na lagpa o troso bago pa makarating sa mga kabahayan na nasa mga mabababang lugar.

Pagtutuunan din ng *PDRRMO* ang pagtatayo at pagsasaayos ng mga *early warning systems* sa 12 bayan dito. Isasagawa rin nito ang pagsasanay sa iba't-ibang grupo hanggang sa makarating ang programa sa pinakamaliit na sektor para sa kanilang angkop na kamalayang pangkaligtasan at 'yan ay ang pamilya.

*(Sundan sa pahina 7)*

# Multi-Services Caravan ...

*(Mula sa pahina 4)*

ni Warden na libreng ipinamigay kaya naman binalik-balikan ng ating mga kababayan.

Ipinamahagi rin sa *caravan* ang libreng pantanim na mga punungkahoy, bungang-kahoy at butong gulay; libreng bitamina sa mga alagaing -hayop, at; distribusyon ng mga *IEC materials*, at *mandatory cash assistance* at *assessment rolls* para sa mga kaukulang opisyal ng barangay. Nagkaroon din ng *cooking demo on fish recipes*, *orientation on CNPGCEAP* at iba pang programa ng pamahalaang panlalawigan.

Ang mga kababaihan at kalalakehan, bata at matanda man, ay libreng nakapagpagupit habang ang ilan ay nagpatina at/o *hot oil treatment* ng buhok sa pamamagitan ng 'Handog Gupitan' na regalo nina Gob. Tallado at kanyang butihing maybahay na si Mam Josie Baning-Tallado. Narelaks at gumaan din ang pakiramdam ng mga taga -barangay na nabigyan ng libreng masahe at/o *reflexology service* sa *caravan*.

Nasa ibaba ang talaan ng mga serbisyong naihatid ng 2 grupo ni Gob. Tallado ngayong Enero 2012 at ang bilang ng mga residenteng nabenepisyuhan sa *caravans*:

| | Sta. Cruz Jose Panganiban Enero 20, 2012 | San Jose, Talisay Enero 20, 2012 | Calaburnay, Paracale Enero 27, 2012 | Sta. Rosa Sur Jose Panganiban Enero 27, 2011 |
|---|---|---|---|---|
| Tsinelas | 54 | | | |
| Tina | 56 | 16 | 25 | 50 |
| Hot Oil | 178 | 190 | 82 | 147 |
| Gupit | 238 | 162 | 260 | 147 |
| Lugaw ni Warden | 440 | 650 | 600 | 560 |
| Libreng *Medical Check-Up*/Gamot/Bitamina | 1,019 | 1,358 | 820 | 1,197 |
| Bunot ng Ngipin | 224 | 245 | 100 | 154 |
| *Free Blood Typing/Blood Sugar* | 300 | 171 | 104 | 109 |
| *Reading Glasses* | 247 | 277 | 62 | 299 |
| Pantanim na Punungkahoy | 78 | 31 | 57 | 95 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy *(Fruit Trees)* | 100 | 100 | 100 | 100 |
| Butong Pananim | 150 | 150 | 150 | 150 |
| *Tilapia Fingerlings* | 15 | 20 | 20 | 20 |
| *Cooking Demo* | 78 | 68 | 85 | 74 |
| *Animal Vitamins* | | 69 | 20 | |
| *Animal Dispersal - Piglets* | | | | |
| *Animal Dispersal - Carabao* | 7 | 2 | 9 | |
| *Animal Dispersal - Goat* | | 10 | | |
| *Mandatory Cash Assistance* | 4 | 5 | 4 | 3 |
| *Assessment Roll* | 4 | 5 | 4 | 3 |
| *Massage/Reflexology Service* | 45 | 50 | 55 | 58 |
| *LECTURE ORIENTATION:* | | | | |
| Katarungang Pambarangay | 30 | 30 | 30 | 25 |
| *CNPGCEAP (Scholarship Program)* | 30 | 30 | 30 | 25 |
| *Job Ref./Scholarship for OSYs/NBI Clearance* | 46 | 7 | | |
| *Laws on Child and Women's Protection* | 30 | 30 | 30 | 25 |
| *IEC Materials Distributed* | 430 | 430 | 470 | 470 |
| | **3,803** | **4,106** | **3,117** | **3,711** |

***LT IBASCO***

# Mga nanalo ...

*(Mula sa pahina 8)*

Nanguna sa naturang patimpalak ang *Kiwanis Club of Daet (KCD)* na nakakuha ng kabuuang 129 puntos. Naging mahigpit ang laban nito sa *San Lorenzo Multi-Purpose Cooperative (SLMPC)* na pumangalawa sa puntos na 128. Ang ikatlong puwesto naman ay naiuwi ng *Prime Suite* na nakalikom ng kabuuang 117 puntos.

Sa isang angkop na programa na isinagawa kamakailan sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal, pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang paggawad ng premyo sa mga nanalo sa naturang paligsahan. Tinanggap dito ng *KCD* ang gantimpalang P100,000.00; *SLMPC* – P60,000.00, at *Prime Suite* -40,000.00.

Dumalo rin sa okasyon ang butihing maybahay ng gobernador na si Gng. Josie B. Tallado at si Ms. Ruby Jardin-Gache, *Assistant Provincial Treasurer* . Nakiisa rin sa okasyon ang mga opisyal at kawani mula sa ia't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan at mga samahan at/o grupong sumali sa patimpalak.

Samantala, sa *final judging* noong Enero 6, naging mga hurado sina Atty. Annie Cortez ng *COMELEC Provincial Office*; *Rev. Fr.* Francisco Regala at Mr. Harlem Barilea, isang tanyag na pintor. Ang pamantayan na ginamit nila sa pagpili sa nanalo ay ang: pagiging orihinal ng konsepto ng disenyo *(originality)*; tema *(theme )*; pailaw/liwanag *(lighting)*, at kabuuang pang-akit/atraksyon sa publiko *(overall appeal)* na may bigat na tig-25% na may kabuuang 100%. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Cyanide at dynamite fishing...

(Mula sa pahina 3)

Idinagdag naman ni Guevarra na ang pangingisda gamit ang dinamita ay pumapatay agad sa isda dahil sa malakas na pwersa nito. Ang pangkat ng mga isdang tinamaan nito ay nasisira ang daluyan ng dugo at hangin na nagiging sanhi ng pagkasira ng kanilang mga lamang-loob. Ang mga isdang madalas umanong gamitan ng dinamita ay ang: dalagang-bukid, banak.matang-baka, buraw, bataway,lawlaw, salay-salay, torsillo, labahita talakitok, molmol, bagaong at malakapas, at galunggong. Ligtas kainin ang isdang hinuli gamit ang dinamita subalit mapapansin na malambot ang laman nito. Ang naaagok naman umanong isda ay hindi dapat kainin o gamitin kaya para sa *food processing*.

Binanggit ni Guevarra na may ilang mangingisda na silang nahuli na gumagamit ng *compressor* gayundin ng dinamita. Gayunman, bumaba na umano ang bilang ng mga iligal na mangingisda dahil na rin sa mahigpit na batas na ipinatutupad ng mga lokal na pamahalaan dito para matigil ang maling pamamaraan ng pangingisda para na rin sa proteksyon ng mga katubigan lalo na ang ating mga karagatan.

Mahigpit na ipinagbabawal ng pamahalaan ang paghuli, pagkuha o pagtitipun-tipon o pagpadaloy sa paghuli, pagkuha o pag-iipon ng mga isda o anumang *fishery species* sa mga katubigan ng Pilipinas gamit ang kuryente, pampasabog *(explosives)*, nakalalason o nakamamatay na mga sangkap kagaya ng *sodium cyanide* sa mga lugar -pangisdaan sa bansa na makapapatay, makabubulabog, makapaparalisa o makaka-walang-malay *(uncons-cious)* sa isda o *fishery species*. Ito ay nakapaloob sa Seksyon 88 ng *Republic Act No. 8550 - An Act Providing for the Development, Management and conservation of the Fisheries and Aquatic Resources, Integrating all Laws Pertinent Thereto, and for Other Purposes*.

Ang simpleng pagkakaroon ng mga pampasabog, nakalalason o nakamamatay na mga sangkap o *electrofishing devices* para sa iligal na pangingisda ay may kaparusahang pagkakakulong ng simula 6 na buwan hanggang 2 taon habang ang aktwal na paggamit nito ay may katumbas na parusang pagkakabilanggo ng mula 5 hanggang 10 taon. Ito ay maliban pa sa pagsampa ng hiwalay na kasong kriminal kung ang paggamit nito ay nagresulta sa *physical injury* o pagkawala ng buhay ng isang tao.

Samantala, ang pakikipag-negosasyon, pagbebenta, o iba pang paraan para maipamahagi ang mga isdang hinuli/tinipon sa iligal na pamamaraan para kumita ay may katumbas na parusang simula 6 na buwan hanggang 2 taong pagkakakulong para sa sinumang lalabag sa naturang batas. Sa lahat ng mga nabanggit na sitwasyon, ang mga pampasabog, nakamamatay o nakalalasong sangkap at/o *electrical devices*, gayundin ang mga sasakyang pangisda *(fishing vessels)*, kagamitang pangisda at mga huling isda ay kukumpiskahin.

Para makaiwas sa posibleng kaso at pagkakakulong, pinayuhan ni Estanislao ang mga nagtitinda at mamimili ng isda na huwag magtinda at mamili ng mga isdang hinuli sa iligal na paraan gamit ang *sodium cyanide* at/o dinamita nang sa gayon ay maprotektahan ang kanilang interes at para hindi sila madamay sa kasong maaaring isampa ng pamahalaan sa mga iligal na mangingisda.

Hinikayat din ni Estanislao ang publiko na maging mapagmatyag at isumbong sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya at lokal na pamahalaan ang sinumang pinaghihinalaan nila na nagtitinda ng mga isdang nahuli sa iligal na pamamaraan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Agrarian Reform...

(Mula sa pahina 2)

(Purok 1-5) *FMR*; 19) *Concreting* ng Caayunan *FMR*; 20) *Concreting* ng Tuaca-San Pascual *FMR*; 21) *Construction* ng *Multi -Purpose Pavement/Solar Dryer*, Laniton, at 22) *Rehabilitation* ng Mampili *Level II PWS*, Mampili, Basud, at SAN LORENZO RUIZ - 23) *Concreting* ng Matacong-San Isidro *FMR*; 24) *Concreting* ng San Isido-Sitio Too *FMR*; 25) *Concreting* ng Purok 1-2, San Ramon *FMR*, at 26) *Construction* ng SIAR-BECO *Multi-Purpose Bldg.* at *Warehouse*, San Lorenzo Ruiz.

Ang mga sumusunod namang limang (5) proyekto ay mayroon ng *Special Allotment Release Order (SARO)* at nakatakda nang simulan anumang oras: LABO – *Concreting* ng Macogon *Barangay Road*, at BASUD – 2) Matanlang-Casalugan *FMR*; 3) *Concreting* ng Capacuan (Purok 1-5) *FMR*; 4) *Concreting* ng Caayunan *FMR*, at 5) *Concreting* ng Tuaca-San Pascual *FMR*.

Una rito, ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* sa pamumuno ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)* ay dumalo sa *orientation*, *planning session* at mga miting na isinagawa ng *DAR* upang maayos na maihanda ang mga kailangang dokumento.

Nagsagawa rin ng oryentasyon para sa *Provincial Development Council (PDC)* at mga Sangguniang Panlalawigan *Members* kung saan naipasa rito ang Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 329-2011 na nagbibigay-pahintulot kay Gobernador Tallado na lumagda sa *tripartite agreement* sa pagitan ng *DAR* at mga bayan na may *ARCs*. Nagrebisa at lumagda si *Arch.* Abular sa mga *subprojects engineering design* na ginawa ng *Provincial Engineer's Office (PEO)* para isumite sa *NSAC* at *RSAC* kasama ang iba pang kailangang dokumento.

Kabilang sa mga aktibidad na isinagawa at ang mga dokumentong inihanda ng *PPDO* ay ang mga sumusunod: 1) Sulat sa *DAR-ADB* na nagpapakita ng interes sa proyekto para sa ikauunlad ng mga *ARCs* sa mga nabanggit na bayan; 2) Pagrebisa at paglagda sa mga *feasibility studies* na ginawa ng mga *consultants*; 3) *Certification* ng *Provincial Treasurer* sa *current income* ng Pamahalaang Panlalawigan; 4) *Certification* ng *Local Finance Committee* na nagpapatunay na ang Pamahalaang Panlalawigan ay may sapat na pondo para sa *equity*; 5) pagpalas sa *Executive Order No. 2011-34* na may petsang Oktubre 6, 2011 para sa pagbuo ng *Provincial Project Office (PPO)* upang maayos na maisagawa ang *ARCP 2*; 6) *Certification* ng *PPDC* na *priority projects* ng Pamahalaang Panlalawigan ang mga isusumiteng proyekto at kasama sa *Provincial Development and Investment Plan (PDIP)* at *Annual Investment Plan (AIP)* at hindi sakop ng alinmang *financing assistance* mula sa *local* at *foreign projects*; 7) *Request letter* sa *Environmental Management Bureau* ng *Department of Environment and Natural Resources (EMB-DENR)* para sa *certificate of Non-Coverage*; 8) *Letter request* sa *National Commission on Indigenous People (NCIP)* para sa *certification* ng *Non-Overlap*, at 9) *Memorandum of Agreement (MOA)* sa pagitan ng *DAR*, Pamahalaang Panlalawigan at mga bayan ng Basud, Labo, Paracale at San Lorenzo Ruiz na nalagdaan na kamakailan ng magkakabilang panig.

Ang mga kalakip namang dokumento galing sa mga kaukulang munisipyo ay ang sulat mula sa mga *Municipal Mayors* na nagpapakita ng kanilang interes sa *ARCP 2*, *certification* mula sa kinauukulang *Municipal Planning and Development Coordinators (MPDCs)* na ang kanilang isinumiteng proyekto ay kabilang sa kanilang *Municipal Development and Investment Plan (MDIP)* at *Annual Investment Plan (AIP)*, *Barangay Resolution*, *ARCP2 validation form* na inihanda ng *DAR*, *minutes* ng *barangay workshop consultation meeting*, *program of works*, at *summary description* ng *Resettlement, Initial Environment Examination (RIEE)* at mga kaukulang larawan. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# PDRRMO nag-ulat ...

(Mula sa pahina 6)

Sa pamamagitan ng PDRRMO at mga katuwang nito, siguradong matutupad na ang pangarap ni Gob. Tallado na magkaroon ng *emergency responder* o *first aider* ang bawat pamilya. Kapag nangyari ito, masasabi na natin na ang ating lalawigan ay isa ng *resilient community* na matatag at may kahandaan sa pagharap sa anumang kalamidad. ***(LANI V. LAGATUZ, PDRRMO-CNORTE)***

# Kauna-unahang CNPGCEAP ...

(Mula sa pahina 5)

Norte ay magkaroon ng isang gradweyt na siyang tutulong para maiahon sa kahirapan ang kanilang pamilya.

Sinabi rin ni Gob. Tallado na bilang *CNPGCEAP Chairman*, hinahangad niya na makapagtapos ng kolehiyo ang lahat na benepisyaryo ng programa at makakuha ng maayos at matatag na hanapbuhay sa hinaharap.

Binigyang-diin ng gobernador na walang imposible sa taong nangangarap at nagsisikap. Katulad ng maraming iskolar ng bayan, siya ay galing din sa mahirap na pamilya. Siya ay nagsikap at nagtiyaga hanggang nakapagtapos ng kolehiyo, nakapagtrabaho, at nakapagpatayo ng matatag na negosyo.

Ngunit sa layuning higit na makatulong sa kanyang mga kababayan, pumasok siya sa pulitika kung saan una siyang nahalal bilang bise gobernador. At bilang gobernador ngayon ng lalawigan, mas pinalawak ni Gob. Tallado ang *CNPGCEAP* (dating *PGSP*). Mula sa pondong P2.5 M noong Marso 2010 agad niya itong dinoble sa P5M noong Abril 2010. Matapos ang *May 2010 Elections*, muli niyang dinoble ang pondo at itinaas sa P10M.

Samantala, dumalo rin sa *CNPGCEAP Christmas Party* si G. Jose G. Boma, *Exec. Asst. IV/OIC Provincial Administrator*, na nagbigay rin ng mensahe sa okasyon.

Sa kauna-unahan ding pagkakataon, lahat na iskolar ay binigyan ng opisyal na *t-shirt* bilang mga benepisyaryo ng *CNPGCEAP*.

Ang nabangggit na *1st CNPGCEAP Christmas Party* ay naisagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* na pinamumunuan ni Gng. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# PDRRMO nag-ulat ng mga nagawa sa taong 2011

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com







Ang kultura sa kahandaan ay hindi kagyat na maititimo ng pamahalaan sa isip at puso ng mga mamamayan lalo na ang isabuhay nila ito. Mahabang panahon ang kailangan para tumiim sa kanilang kamalayan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman at aktwal na kasanayan sa pagharap sa mga kalamidad para mabawasan ang mga masasamang epekto nito. Madalas nating ipinagwawalambahala ang mga negatibong pangyayaring idinulot ng mga nagdaang kalamidad at sakuna, at nagbabalik-alaala lamang kapag may paparating na naman. Isa itong makalumang pananaw na dapat nang palitan, isang matandang kaugalian na tila 'di natin lubusang maiwaksi.

Bilang pagbabagong-pananaw sa pagharap sa kalamidad, agad tumalima si Gobernador Edgardo "Egay" A. Tallado sa itinatadhana ng *Republic Act No. 10121* o ang *Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010*. Ito ang bagong batas na nagpapalakas sa kakayahan ng bansa para mabawasan ang masamang epekto ng mga kalamidad at mapangasiwaan ang mga pagkilos bago, habang at pagkatapos ng anumang kalamidad. Ang pinakamahalaga rito ay ang pagbuo ng isang regular at permanenteng tanggapan na tutulong kay Gob. Tallado para maipatupad ang mga programa, proyekto, at mga gawain na may kinalaman sa pag-ugit ng kulturang pangkaligtasan at kahandaan para sa mga mamamayan ng Camarines Norte. Ito ay ang *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)* na nilikha sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 454-70 at Panlalawigang Ordinansa Blg. 72-70 na may petsang Disyembre 15, 2010.

Nagsimula ang opisyal na pagkilos ng *PDRRMO* noong Pebrero 14, 2011 kasabay sa pagkakatalaga kay Dr. Carlos C. Galvez, isang *multi-awarded Deputized Civil Defense Coordinator* ng ating bansa, bilang pinakaunang *Provincial Disaster Risk Reduction and Management (PDRRM) Officer*.

Sa pamumuno ni Galvez, inilunsad ng pamahalaang panlalawigan ang *'BEAT D RISK' Program* (**B***uilding an En-*

(Sundan sa pahina 5)



# Mga nanalo sa *Light a Tree, Christmas Contest* isiniwalat

Nakuha ng *Kiwanis Club of Daet* ang unang puwesto para sa *Light a Tree, Green Christmas Contest* na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Operations Division* na pinamumunuan ni *Atty.* Debbee G. Francisco, *Provincial Tourism Officer.*

Sa panahon ng kapaskuhan, naging atraksyon ang Kalayaan Park na ang mga puno ay napuno ng mga makukulay na ilaw at pampaskong palamuti . Ito ay dinayo ng mga magkakapamilya at magkakaibigan man na nais magpalipas ng oras at madama ang diwa ng kapaskuhan lalo na pagsapit ng gabi kung saan litaw na litaw ang kagandahan ng mga dekorasyon sa mga puno na ang pangunahing materyales ay katutubo at maka-kalikasan.

(Sundan sa pahina 6)



*(Kaliwa-Kanan) Ang makulay at mailaw na puno na naipanalo ng Kiwanis Club of Daet sa patimpalak,. Isinagawa ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang seremonyal na pagbibigay ng tsekeng napalunan ng Kiwanis Club of Daet habang nakamasid sina (kanan-kaliwa) Mam Josie Baning-Tallado, Atty. Francisco at Asst. Provincial Treasurer Ruby Jardin-Gache.*